

Source: John Getchel


Source: Rosa Say


Source: Thomas Bunton

# Matatag at Malusog na Komunidad

Paghahanda sa ating komunidad para sa mga emergency na dulot ng klima sa pamamagitan ng pinalakas na likas at panlipunang mga sistema

**Katatagan** panggalan

Ang matatag na Clark County ay sumusuporta sa mga residente, negosyo, at bisita upang maging malusog, matagumpay, at umaangkop mga pagbabago ng kundisyon ng klima


## Ano ang kasama sa Matatag at Malusog na Komunidad?

- Mga mapagkukunan at komunikasyon upang matiyak na ang mga miyembro ng komunidad ay handa para sa mga emergency
- Proteksyon laban sa matinding pangyayari sa panahon tulad ng biglaang pagbaha, at pangmatagalang stress tulad ng pag-init sa lungsod
- Pangangasiwa sa mga panganib sa kalusugan na nauugnay sa masamang kalidad ng hangin, labis na init, at iba pang epekto ng klima
- Mga Likas na pagkukunan, tulad ng mga puno at buas na espaso na nakatutulong upang umangkop sa pagbabago ng mga kundisyon ng klima

## Paano nauugnay ang Matatag at Malusog na Komunidad connected to our sa ating pangmatagalang katatagan at napapanatili?

Nagsimula nang maramdaman ng Clark County ang mga epekto ng pagbabago ng klima, na may mga implikasyon para sa lokal na ekonomiya, imprakstruktura, at kalusugan ng tao at kagalingan. Ang mas malusog, mas konektado, at mas handang mga komunidad ay mabilis na makakabawi sa pagharap sa mga emergency o likas na sakuna. Ang katatagan ay nangangailangan ng likas at panlipunang pagkukunan —paghahanda sa ating mga sambahayan, negosyo at imprastruktura para sa pagbabagoo ng mga kundisyon ng klima ngayon at sa hinaharap.

## Average na Bilang ng Araw na Lampas sa 100°F




**Ang Hulyo 2021 ang pinakamainit na buwan na naitala,** ang record ay nalalampasan kada Hulyo ng nakalipas na 7 taon

## Ayon sa Numero

**568**

na pagkamatay kaugnay ng init sa Timog Nevada sa pagitan ng 2009 at 2018

**2-6%**

punong sumasakop sa mga lugar na nagtatala ng mataas na init sa lungsod kumpara sa **10-20%** sa mga sambahayan na nagtatala ng mas mababang temperatura

**26**

araw ng hindi malusog na kalidad ng hangin noong 2020

## Mga hakbang na isinasagawa na namin para magtatag ng Matatag at Malusog na Komunidad:

**Pagpaplano para sa mga emergency:** Noong 2018, ang Clark County at ang siyam na iba pang hurisdiksyon ay nagtasa ng kahinaan ng rehiyon sa hanay ng mga panganib at kinilalang mga estratehiya upang labanan ang mga ito sa pamamagitan ng Planong Pagsugpo sa Panganib ng Maraming Hurisdiksyon ng Clark County. Sinunod ng Clark County ang sariling plano nito sa pagtugon sa emergency noong 2019.

**Dinisenyo para sa Init:** Ipinasa ng Clark County ang regulasyon na nag-uutos sa mga gusaling residensyal at komersiyal na bawasan ang paggamit ng maiitim na materyales at ibabaw na humihithit at nagkukulong ng init

**Pagpapababa sa Level ng Ozone:** Ginagawa ng Clark County ang bahagi nito upang pigilan ang pagbuo ng ozone, ang likas na sangkap na maaaring mapanganib na lumanghap kapag ang mga konsentrasyon sa ibababaw ng lupa ay mataas. Noong 2019, tatlong araw lamang ang lumampas sa mga pamantayan ng ozone ng EPA, kumpara sa 62 araw noong 2003.



Source: Clark County



### Pamumuno bilang Halimbawa: Mga Alertong Pang-emergency

Noong Abril 2021, Inilunsad ng Clark County ang isang solusyon sa teknolohiya upang magpadala ng mga alertong pang-emergency sa kawani ng County, pati na rin ang isang toolkit para sa malayong pagtatrabaho. Ang mga mapagkukunang ito, na tumutulong sa kawani ng County na tumugon sa matinding panahon at iba pang mga emerhensiya, ay maaaring magsilbing mga modelo para sa mga solusyon sa buong komunidad